ANG **Bayan**

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LI Blg. 21
Nobyembre 7, 2020
www.cpp.ph



EDITORYAL

# Labanan ang anti-komunistang pagtugis

Tuwirang karugtong ng pagsasabatas ng tinaguriang Anti-Terrorism Law (ATL) ang kasalukuyang isinasagawang kampanya ng anti-komunistang pagtugis na bumibiktima sa progresibo at demokratikong organisasyong at kilusan at nagbabanta sa mga aktibista, mga artista, mambabatas at maging mga lokal na upisyal ng gubyerno. Iwinawasiwas ng matataas na upisyal ang kanilang bagong dagdag na pasistang kapangyarihan sa hangaring supilin ang mga demokratikong karapatan at gupuin ang mga pwersang lumalaban sa naghaharing rehimen.

Ang anti-komunistang panunugis ay maruming taktika ng rehimeng kapit-tuko sa poder. Tahasang idinadawit ang mga ligal na demokratikong pwersa sa rebolusyonaryong armadong kilusan.

Sa ilalim ng pasistang teroristang rehimeng Duterte, lumakas ang loob ng mga pasistang heneral na dumura ng lason at kasinungalingan laban sa mga ligal at demokratikong pwersa at laban sa rebolusyonaryong kilusan. Hawak ang ATL, nais nilang gamitin ang buong lupit ng teroristang estado para tuluyang puksain ang ligal na demokratikong kilusan na dati nang nagsisilbing muog ng militanteng paglaban ng mamamayang Pilipino.

Iligalisasyon ng mga progresibong organisasyong ito ang pinakalayunin ng mga hakbang na ito ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) at AFP. Nais ulitin ng mga ito ang ginawa ng batas militar ni Marcos noong 1972 na ideklarang

*"Labanan...," sundan sa pahina 2*

## Pusakal na yunit militar, inambus ng BHB-Surigao

MATAGUMPAY NA tinambangan ng Bagong Hukbong Bayan-Surigao del Sur (BHB-SDS) ang mga pwersa ng 3rd Special Forces Battalion sa Km. 14, Barangay Diatagon, Lianga, Surigao del Sur noong Oktubre 31. Tatlong sundalo ang nasugatan. Nakasamsam ang mga Pulang mandirigma ng tatlong M16, mga *ammunition vest* at bala, ayon sa ulat ni Ka Sandara Sidlakan, tagapagsalita ng BHB-SDS.

Noong Oktubre 28, dinakip ng isa pang yunit ng BHB-SDS sina PFC Raymond T. Tajonera ng 26th IB at ang isang *asset* ng militar na nakilala lamang bilang Quiñonez sa bayan ng San Miguel. Ayon sa panimulang ulat, tim lider ng isang

*"Pusakal...," sundan sa pahina 3*

*"Labanan...," mula sa pahina 1*

iligal ang lahat ng anyo ng organisasyong masa. Ginagamit ngayon ng NTF-ELCAC ang ATL para palabasing lehitimo at ligal ang anti-demokratikong mga hakbanging ito.

Subalit sa halip na pormal na magsampa ng kaso para idawit sa "terorismo" ang mga organisasyong ito, tulad ng isinasaad ng ATL, idinadaan ng NTF-ELCAC sa pampublikong pagdadawit upang ipitin ang mga ligal at demokratikong pwersa. Liban sa salita ng isang walang kredibilidad na "saksi," walang maipakitang ebidensya ang NTF-ELCAC ng paratang laban sa mga ligal na organisasyong pambansa-demokratiko na "prente" ng PKP at "rekruter" ng BHB.

Pinalawak ng AFP at ng NTF-ELCAC ang saklaw ng kontra-insurhensya para targetin ng pagsupil maging ang mga pwersang hindi armado. Ang pinaigting na anti-komunistang pagtugis ay bahagi ng kampanya ng karahasan laban sa mga pwersang progresibo at ligal, kabilang ang sunud-sunod na pagpatay laban sa mga lider masa at aktibista. Sa nagdaang buwan lamang ng Oktubre, hindi bababa sa walong aktibista ang inaresto.

Para bigyan-matwid ang kontra-insurhensya at gamitin ang "anti-terorismo" laban sa rebolusyonaryong kilusan, nilalabusaw ng AFP at NTF-ELCAC ang malaking pagkakaiba ng komunismo at terorismo, sa tangkang tabunan ang pagiging makatwiran ng rebolusyonaryong pakikibaka at ng pagsasandata, laluna sa harap ng tiraniya. Ang terorismo, o ang paggamit ng karahasan laban sa mga sibilyan o hindi kalahok sa armadong tunggalian, ay taliwas sa mga internasyunal na batas sa digmaan. Ito ay isang krimen na mahigpit na binabatikos ng Partido.

Sa pagdawit sa Partido sa "terorismo," pilit pinagtatakpan ng NTF-ELCAC ang katayuang nakikipagdigma ng Partido at BHB at ang mahigpit na pagtalima ng mga rebolusyonaryong armadong pwersa sa mga pamantayan sa karapatang-tao at alituntunin sa digma at makataong batas. Ginagamit ang pagbabansag na "terorista" laban sa Partido upang bigyan-matwid ang pagtatapos ng usapang pangkapayapaan at ang paglulunsad ng walang-habas, marumi, magastos at batbat sa korapsyong gera.

Sa halip na matakot at magupo sa anti-komunistang panunugis, lalong dumarami ang mga sektor na naninindigan at lumalaban sa NTF-ELCAC at sa pasismo ng rehimeng Duterte. Habang lalong pinatitindi ang anti-komunistang pagtugis sa mga demokratiko at progresibong pwersa at ang pagsupil sa mga demokratikong karapatan, lalong pinapaypayan ang galit ng mamamayan. Napupukaw maging ang iba't ibang mga personahe at upisyal na tumindig at magsalita laban sa pang-iipit ng AFP at NTF-ELCAC sa mga pambansa-demokratikong pwersa.

Dapat puspusang labanan at biguin ng mga demokratikong pwersa ang NTF-ELCAC at ang anti-komunistang panunugis nito. Dapat nilang buong-lakas na igiit ang kanilang katayuang ligal at ang garantisadong mga burges-demokratikong karapatan sa ilalim ng konstitusyong 1987. Marapat na ipakita sa lansangan ang protesta at pagtutol sa walang-awat na paninibasib ng pasistang rehimen.

Wastong batikusin at iwaksi ang "red-tagging" ng AFP at igiit na "ang aktibismo ay hindi terorismo." Dapat ding ipabatid sa lahat na hindi rin terorismo ang pagsasandata, ang pagbagtas sa landas nina Bonifacio at Sakay, ang pagsulong ng rebolusyonaryong pagbabago at paglunsad ng digma para sa pambansang paglaya. Na ang armadong pakikibaka ay isang di maipagkakait na karapatan ng mga inaapi at sinasaklot na kinikilalang wasto at makatwiran mula pa sa sinaunang panahon. Na sa ilalim ng sistemang monopolisado ng iilan ang poder, walang ibang mas epektibong paraan para sa mahihirap at walang kapangyarihan kundi ang tumangan ng armas para magtanggol at ipaglaban ang kanilang interes at kagalingan. Na ang digmang bayan na

ANG Bayan

Tomo LI Blg. 21 | Nobyembre 7, 2020

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman


| | |
|---|---|
| **Editoryal:** Labanan ang anti-komunistang pagtugis | 1 |
| Pusakal na yunit militar, inambus ng BHB | 1 |
| Mga abuso sa ilalim ng FMO sa Surigao | 3 |
| 8 biktima ng *red-tagging*, inaresto | 4 |
| Mga kaso laban sa mga aktibista, ibinasura | 4 |
| Korte, ibinasura ang petisyon ng SMI | 4 |
| Ang pasistang troll na si Parlade | 5 |
| Superbagyong Rolly, humagupit | 6 |
| Mga kampanya ng PKM | 6 |
| Huwad na pagpapalaya sa Marawi | 7 |
| Panibagong yugto ng pang-aapi sa mga Moro | 7 |
| Sa madaling salita | 8 |
| Resbolusyonaryong pagharap sa MHP | 9 |
| Trump, nakaambang matalo sa eleksyon | 10 |
| Partidong anti-US, nanalo sa Bolivia | 10 |


Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Labanan...," mula sa pahina 2

isinusulong ng BHB ay para sa pambansang kasarinlan at katarungang panlipunan ay makatwiran sa harap ng pagtatraydor sa kalayaan at pang-aapi ng naghaharing mga reaksyunaryong uri.

Sa panggigipit sa mga demokratikong pwersa at pagkitid ng puwang para sa demokratikong pamamahayag, lalong tumitingkad ang pagiging matwid ng armadong pakikibaka bilang paraan ng pagtatanggol ng mamamayan laban sa teroristang pagsupil ng tiranikong rehimen. Habang dumarami ang kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang, mga di makatarungang mga pag-aresto at pagkukulong, at lalong tumitindi ang pag-atake ng pasistang rehimen sa mga karapatan at pagkakait ng puwang para malayang mag-organisa at magpahayag, si Duterte na rin mismo ang nagtutulak sa marami sa landas ng armadong pakikibaka.

Dapat samantalahin ng BHB ang paborableng kalagayang panlipunan at pampulitika para magpalakas at magpalawak ng hanay. Dapat palakasin ang pagrerekrut ng mga bagong Pulang mandirigma mula sa hanay ng mga manggagawa, mga intelektwal, kawani at iba pang mga sektor sa kalunsuran, habang tuluy-tuloy ang pagrekrut sa masa sa kanayunan. Dapat patuloy na paramihin ng BHB ang mga taktikal na opensiba at tuluy-tuloy na palawakin at paigtingin ang pakikidigmang gerilya sa buong bansa.

Dapat ibayong paigtingin ang mga taktikal na opensiba bilang tugon sa hinihinging katarungan ng masang biktima ng mga pasistang teroristang yunit ng AFP. Kailangan din paigtingin ang mga taktikal na opensiba upang banatin ang pwersa ng AFP upang hindi makakonsentra sa pagsupil sa mga progresibong pwersa sa kalunsuran. Ang mga balita ng tagumpay ng BHB ay nagbibigay-inspirasyon at lakas ng loob sa paglaban ng mga demokratikong pwersa para labanan at wakasan ang pasistang tiraniya ni Duterte. AB

"Pusakal...," mula sa pahina 1

yunit ng CAFGU Active Auxiliary (CAA) si Tajonera at nagsisilbi silang gwardya sa minahang pagmamay-ari ng bandidong si Jasmine Acevedo. Tungkulin ng tim na ito na tiyakin ang parte ng kumander ng 26th IB sa produkto ng mina.

**Camarines Sur**. Iniulat ng BHB-West Camarines Sur ang ambus ng mga Pulang mandirigma sa umaatakeng mga tropa ng 9th IB noong Oktubre 22 sa Barangay Tible, bayan ng Lupi, Camarines Sur. Nakakumpiska ang BHB ng dalawang baril at 15 bakpak na naglalaman ng samutsaring gamit militar.

**Capiz**. Pinasabugan ng BHB-Central Panay noong Oktubre 22 bandang alas-4 ng hapon ang mga elemento ng 12th IB sa Barangay Nayawan, Tapaz, Capiz. Isang sundalo ang napatay at apat ang sugatan. Naghahasik ang naturang yunit ng teror sa mga bayan ng Capiz at Iloilo sa tabing ng Retooled Community Support Program.

**Negros Occidental**. Naglunsad ang BHB-Negros ng dalawang magkasunod na taktikal na opensiba laban sa nag-ooperasyong tropa ng 62nd IB sa Barangay Sandayao, Guilhulngan City noong Nobyembre 4. Unang inambus ang mga sundalo sa Sityo Inangaw dakong alas-3 ng hapon kasunod ang sa Sityo Matal-e dakong alas-7 ng hapon. Dalawang sundalo ang napaslang at marami ang sugatan.

Bilang ganti, pinaslang ng mga sundalo ang magsasakang si Reo Jacaba, residente sa kanugnog na barangay ng Macagahay sa Moises Padilla na kanilang pinalabas na kasapi ng BHB. AB

# Matitinding paglabag, kakambal ng FMO sa Surigao del Sur

Kakambal ng *focused military operation* (FMO) ng mga yunit militar sa ilalim ng 4th ID ang iba't ibang pang-aatake sa mga Lumad at magsasaka sa Surigao del Sur. Naghuramentado ang mga elemento nito, laluna matapos mabigwasan ng mga Pulang mandirigma ang kanilang hanay.

Noong Oktubre 3, tatlong magsasaka ang pinaslang ng mga pwersa ng 36th IB at pinalabas na mga myembro ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Tandag City. Tadtad ng bala ang mga katawan nina Maco Cagaran Maitom, 50, Freddie Miyarez Zamora, 42 at Paulino Perez Maitom Jr., 23, pawang mga residente ng Barangay Pangi sa naturang syudad.

Ganting-salakay ito ng 36th IB matapos makaengkwentro ang isang yunit ng BHB sa bulubunduking bahagi ng syudad. Nagsasaka noon malayo sa lugar ng engkwentro ang tatlong biktima nang mamataan at patayin sila ng mga sundalo.

Sa San Agustin, inistraping ng mga elemento ng 3rd Special Forces Battalion ang mga bahay sa Sityo Magkahunaw, Buhisan noong Oktubre 28. Dalawang bata ang muntikang tamaan ng bala.

Noong Oktubre 27, limang oras na binomba ng 4th ID ang mabundok na lugar sa bayan ng Marihatag malapit sa mga komunidad sa Sityo Magkahunaw, Barangay Buhisan, San Agustin; Km. 16 at Han-ayan sa Diatagon. Gumamit ng mga helikopter at *drone* ang mga sundalo. Dahil dito, lumikas ang mga residente mula sa naturang mga komunidad. Nawasak sa pambobomba ang mga puno at iba pang yamang gubat na kabilang sa pinagkukunan ng pagkain at kabuhayan ng mga Lumad. Ikalimang insidente na ito ng pambobomba sa prubinsya mula Mayo. AB

# 8 biktima ng *red-tagging,* inaresto

Walong aktibistang kasapi ng mga organisasyon na malisyosong iniuugnay ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict sa armadong rebolusyonaryong kilusan ang magkakasunod na inaresto ng mga elemento ng estado noong huling linggo ng Oktubre.

Inaresto ng mga operatiba ng Special Action Force at 503rd IBde ang lider kababaihan na si Beatrice Belen sa kanyang bahay sa Barangay Uma, Lubuagan, Kalinga, alas-4 ng madaling araw noong Oktubre 25. Si Belen ay katutubong Igorot na kasapi ng Advisory Council ng lokal na balangay ng Innabuyog sa Kalinga. Ang Innabuyog ay kasaping organisasyon ng Gabriela.

Hinalughog ng mga operatiba ang bahay ni Belen at tinamnan ng mga baril at bomba para bigyang katwiran ang pang-aaresto. Kasalukuyan siyang nakadetine sa Tabuk City Jail. Ayon sa Cordillera Human Rights Alliance, unang ikinulong si Belen sa isang selda kasama ng mga lalaking detinido. Inakusahan siyang kabilang sa mga Pulang mandirigmang nagsagawa umano ng reyd sa detatsment ng CAFGU sa parehong barangay noong 2018.

Noong araw ding iyon, limang magsasakang myembro ng Pawis, kasaping organisasyon ng Masipag na lumalahok sa kampanyang bungkalan ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), ang inaresto ng mga pulis sa Barangay San Juan, Binalbagan, Negros Occidental. Kabilang sila sa 56 na myembro ng Pawis na ipinaaresto ni Bacolod RTC Branch 54 Judge Eduardo Sayson dahil binubungkal nila ang bahagi ng 1000-ektaryang lupang inaangkin ng panginoong maylupa na pamilyang Yusay. Apat sa may mandamyento ay matagal nang patay. Ayon sa Pawis, layon lamang ng hakbang na ito supilin ang kanilang kampanya para sa tuluyang pamamahagi ng lupa.

Dalawang araw bago nito, dakong alas-4 ng madaling araw, inaresto rin ng militar at mga pulis ang magsasakang si Danilo Tabuno sa kanyang bahay sa Barangay Sula, San Jose, Tarlac. Si Tabuno ay kasapi ng Alyansa ng Magbubukid sa Gitnang Luzon, balangay ng KMP sa rehiyon. Hinalughog ang kanyang bahay at tinamnan ng mga ebidensyang baril, bala at pekeng mga sulat ng pangingikil. Pansamantalang nakalaya si Tabuno matapos niyang magpyansa ng ₱100,000.

Sa Bulacan, naiulat noong Oktubre 29 na dinala sa dalawang kampo militar ang estudyanteng aktibistang si Irix Romero ng kanyang mga kamag-anak na may kaugnayan sa militar. Pilit siyang isinama sa Camp Aguinaldo sa Quezon City para interogahin. Matapos nito ay dinala naman siya sa kampo ng militar sa Clark, Pampanga. Malinaw na layunin nitong sindakin siya at ang kapwa niyang mga aktibistang estudyante. Si Romero ay kasapi ng Student Christian Movement of the Philippines sa Bulacan State University. AB

## Mga kaso laban sa mga aktibista, ibinasura

IBINASURA NOONG OKTUBRE 15 ng Department of Justice (DOJ) ang kasong *kidnapping* laban kina Kabataan Partylist Rep. Sarah Elago, Bayan Muna *chairman* Neri Colmenares, Jose Maria Sison at siyam pang lider ng Anakbayan. Isinampa ng mga pulis at ni Relissa Lucena, sa udyok ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict, ang kaso na nakaugnay sa pagrekrut diumano ng mga nabanggit sa kabataan para maging myembro ng Bagong Hukbong Bayan. Ayon sa DOJ, walang sapat na ebidensyang nagpapatunay na na-*kidnap* ang 19-taong gulang na anak ni Lucena na si Alicia at na siya ay nirekrut sa armadong kilusan.

Sa Iloilo City, ibinasura rin noong Oktubre 19 ang tatlo sa apat na kasong kriminal na isinampa ng pulisya laban sa 42 aktibista noong Mayo dahil sa kakulangan ng ebidensya. Kinasuhan sila ng *illegal assembly* at dalawa pang kasong kaugnay sa paglabag sa *lockdown* dahil nagrali sila noong Mayo 1. Nanawagan sila noon ng hustisya para sa pinatay na lider masa na si Jory Porquia.




## Korte, ibinasura ang petisyon ng SMI

IBINASURA NG LOKAL na korte sa South Cotabato noong Oktubre 12 ang petisyon ng Sagittarius Mines, Incorporated (SMI) na ipawalambisa ang lokal na batas na nagbabawal sa *open-pit mining* sa prubinsya. Inihapag ng kumpanya ang petisyon kaugnay sa balak nitong muling buksan ang Tampakan Gold-Copper Project (TGCP).

Bago nito, naglabas noong Setyembre 19 si Gen. Allen Capuyan, tagapangulo ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP), ng sertipikasyong nagpapahintulot sa naturang operasyon. Sa kabila ng desisyon ng korte, nagdaos pa rin ng seremonya noong Oktubre 28 ang NCIP sa Barangay Danlag sa Tampakan para pasinayaan ang sarili nitong sertipikasyon. Kinundena ng iba't ibang organisasyon ng pambansang minorya ang desisyong ito ng NCIP. Tinawag nilang "bugaw" ang ahensya dahil sa pagbebenta nito ng mga lupang ninuno sa mga kapitalista.

# Ang pasistang *troll* na si Parlade



Bago naging bantog na *red-tagger* ni Angel Locsin, nakilala si Antonio Parlade bilang kontra-kapayapaang tagapagsalita ng Philippine Army na sinipa sa pwesto noong 2011. Kinontra niya noon ang upisyal na deklarasyon ng gubyerno nang manawagan siyang isuspinde ang tigil-putukan ng gubyerno sa Moro Islamic Liberation Front (MILF). Binatikos din niya ang iniutos ng korte na pagpapalaya sa mga aktibistang pangkalusugan na kilala bilang Morong 43.

Matapos sipain sa pwesto, itinalaga siya sa isang "suportang yunit" sa hedkwarters ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Ipinadala siya sa US para mag-aral sa mga eskwelahang pangmilitar sa isang panahon. Noong 2018, nagsilbi siyang kumander ng 203rd IBde sa isla ng Mindoro. Bago magtapos ang taon, itinalaga siya bilang *deputy chief-of-staff for operations* o J3.

Naging *deputy chief* siya ng Civil-Military Operations o J7 noong 2019. Bilang isa sa pinakapanatikong pasista, isinama siya sa grupong umikot sa Europe para siraan ang mga organisasyon tulad ng Rural Missionaries of the Philippines at Ibon Foundation at malisyosong iugnay ang mga ito sa Bagong Hukbong Bayan. Mariing itinakwil ng mga European ang kanilang mga kasinungalingan.

Walang tigil si Parlade sa pagsisinungaling kaugnay sa pagpaslang diumano ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan sa sarili nitong mga myembro para pagtakpan ang pamamaslang ng estado sa mga prominenteng aktibista tulad nina Randy Malayao at Randy Echanis. Wala siyang kimi sa pagsabing dapat lamang na pinapatay ang mga tagapagtanggol sa karapatang-tao tulad ni Zara Alvarez dahil aniya'y "mga NPA naman ang mga ito."

Bilang *troll*, nagpalaganap si Parlade ng mga paninira, pangungutya at walang basehang mga akusasyon na inuulit-ulit sa *social media* at ginagawan ng mga pekeng pahayag, bidyo at deklarasyon. Pinalakpakan at pinalaganap ang kanyang anti-komunistang pahayag sa mga upisyal at suportadong *account* ng militar at pulis, gayundin sa milyong bayarang *troll* ng estado.

Kapalit ng ipinakita niyang sugid bilang *troll*, naging "susing upisyal" siya ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict at kalaunan ay itinalagang tagapagsalita nito.

Noong Enero 17, pinalitan niya si Gilbert Gapay bilang kumander ng AFP Southern Luzon Command (Solcom) na may hurisdiksyon sa Bicol at Southern Tagalog. Naging hepe ng Philippine Army si Gapay noong Disyembre 2019, at kalauna'y naging AFP *chief of staff* noong Agosto 3. Sumisipsip si Parlade sa pinakapasistang mga upisyal militar sa kagustuhang sundan ang yapak ni Gapay.

Di tulad ng ibang *troll* ni Duterte, nasa kontrol ni Parlade ang dalawang dibisyong pangkati, mga pwersang nabal at panghimpapawid na walang sagkang nagpapatupad ng terorismo ng estado. Sa ilalim ng kanyang kumand, lampas sa *red-tagging* ang ginagawa ng mga yunit militar sa mga aktibista, tagapagtanggol ng karapatang-tao, mamamayahag, magsasaka at kahit mga myembro ng hudikatura. Walang habas ang kanilang mga krimen at paglabag sa karapatang-tao ng mamamayan, katuwang ang pulisya.

Hindi bababa sa 190 sa Bicol at 1,357 sa Calabarzon ang naitala ng *Ang Bayan* na biktima ng paglabag sa karapatang-tao mula Enero hanggang Oktubre 31. Karamihan sa mga ito ay kagagawan ng mga yunit ng Solcom. Kinabibilangan ito ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang (25 biktima), di makatarungang pang-aaresto at detensyon (147), pamimilit (16), paninira ng ari-arian (5), blokeyo sa pagkain at ekonomya (1200), iligal na panghahalughog at pangungumpiska (41), pisikal na pang-aatake (13), pagbabanta, panggigipit at pananakot (91), at iba pa. Mayorya sa mga biktima ay mga magsasaka at manggagawang inaakusahang myembro ng BHB.

Kabilang sa mga kaso ang di makatarungang pag-aresto sa apat na progresibong lider pangrehiyon sa Bicol.

Noong Oktubre 20, tinangkang patayin ng nakamotorsiklong salarin ang huwes na si Jeaneth Gaminde San Joaquin ng Camarines Sur, kasama ang kanyang istap. Pinalaya ni San Joaquin ang aktibistang si Jenelyn Caballero, ilang araw matapos niyang mag-isyu ng mandamyento de aresto, dahil mahina ang kaso ng militar. Sa ginawa niyang ito, kinalaban niya si Parlade na dati nang galit sa mga huwes na nagbibigay ng puwang sa mga demoktratikong karapatan ng mga aktibista.

Noong Abril, ipinresenta ng mga yunit ng Solcom at mga pulis ang 16 na mga "surenderi ng BHB" na sa totoo'y mga manggagawa sa planta ng Coca-Cola sa Laguna.

Sa Quezon, tinangkang patayin ng mga ahente ng militar ang pangkahalatang kalihim ng Karapatan sa prubinsya na si Genelyn Dichoso noong Hunyo 1.

Sa Laguna, dalawang magsasaka ang pinatay ng mga pwersa ng

*"Ang pasistang...," sundan sa pahina 6*

# Superbagyong Rolly, humagupit sa Southern Luzon

NAG-IWAN NG NAPAKATINDING pinsala sa Southern Luzon ang Superbagyong Rolly (Goni) matapos itong tumama sa Bicol at Southern Tagalog noong Nobyembre 1. Itinuturing ang bagyong Rolly bilang pinakamalakas na bagyong tumama ngayong taon. Pinakamatindi ang pinsala sa Bicol.

Nagresulta ang bagyo sa mga pagguho ng lupa, pagbaha at pagkasira ng ari-arian. Libu-libong ektarya ng mga pananim at pangisdaan ang nawasak. Puu-puong libong kabahayan din ang nawasak, kabilang ang mahigit 100 bahay sa Guinobatan, Albay na natabunan ng lahar at putik dulot ng walang patumanggang pagkakwari sa paanan ng Mt. Mayon. Sa Virac, Catanduanes, nawasak din ang may 10,000 bahay sa mga baybayin. Maging ang mga negosyo at kabuhayan sa mga syudad at sentrong bayan matinding naapektuhan. Pinangangambahang mas marami pa kesa sa iniulat ng gubyerno na 28 ang namatay.

Pinakamalubha sa mga hinagupit ay mga magsasaka at mangingisda na dati nang naghihirap sa lumulubhang kabuhayan at kapabayaan ng naghaharing gubyerno. Hindi pa nakababawi ang mga magniniyog sa Southern Luzon mula sa nagdaang mga bagyo. Samantala, dagdag pasakit ang bagyo sa mga lugar na dumaranas na ng mga panggigipit sa kabuhayan dulot ng okupasyon ng militar.

Agad pinakilos ng Partido Komunista ng Pilipinas ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa Southern Luzon para sa malawakang mobilisasyon upang tulungan ang mga biktima ng sunud-sunod na delubyo. Inatasan din ang Bagong Hukbong Bayan na makipagkoordina sa mga rebolusyonaryong organisasyong masa upang muling itayo ang mga bahay at istruktura sa komunidad.

Sa gitna ng lahat ng ito, ni anino ay wala si Rodrigo Duterte para pamunuan ang pagtugon sa kalamidad. Maging ang kanyang gabinete ay nagpulong kung kailan nakapaminsala na nang husto ang bagyo.

Sa Bacoor, Cavite, mahigit 400 pamilya ang nawalan ng tirahan sa kasagsagan ng bagyo dulot ng pagkasunog ng kanilang mga komunidad. Ayon sa Pamalakaya, sinadyang sunugin ang kabahayan sa mga barangay ng Alima at Barangay Sineguelasan para bigyan-daan ang reklamasyon sa Manila Bay. AB

*"Ang pasistang...," mula sa pahina 5*

Solcom noong Enero. Sa Masbate at Albay, pinatay ng mga sundalo ng Solcom ang apat na upisyal ng barangay at isang mangangalakal ng bigas noong Setyembre.

Nakapagtala ang *Ang Bayan* ng 331 operasyong kontra-insurhensya na isinagawa ng mga yunit sa utos ni Parlade mula Enero hanggang Oktubre. Saklaw ng mga operasyong ito ang 163 barangay ng 46 bayan sa Bicol; at 128 barangay ng 31 bayan sa Southern Tagalog.

Kabilang dito ang walang patumanggang pamamaril ng 49th IB malapit sa isang eskwelahan sa Barangay Oma-oma, Ligao City, Albay noong Setyembre 25. Nagresulta ito sa paglikas ng mga guro na noo'y naghahanda para sa pagbubukas ng klase.

Nilabag ni Parlade maging ang sariling tigil-putukan na idineklara ni Rodrigo Duterte mula Marso 19 hanggang Abril 30. Pinakamarami ang mga operasyong kombat at sikolohikal sa Southern Tagalog (138) at Bicol (94) sa naturang panahon. Kabilang dito ang sunud-sunod na pananalakay ng mga pwersa ng Solcom sa mga yunit ng BHB sa Barangay Puray, Rodriguez, Rizal, at sa Mulanay at Gumaca, Quezon mula Marso 28 hanggang Abril 1. AB

## Mga balangay ng PKM, kolektibong hinarap ang pandemya

PAGSANDIG SA KOLEKTIBONG lakas ang ipinamalas ng mga kasapi ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM) upang igpawan ang krisis at gutom na dulot ng pandemyang Covid-19.

Sa Northern Samar, 30-40 sako ng bigas ang tinatayang inani ng mga myembro ng PKM sa kolektibong pagtatanim noong Setyembre. Nakapag-ani rin ang mga magsasaka ng kamote at gulay tulad ng kalabasa, ampalaya at okra.

Katuwang ang Bagong Hukbong Bayan, nilinis at tinamnan ng mga magsasaka ang kumpiskadong lupa ng isang panginoong maylupa sa kanilang lugar. Sa kanugnog na klaster, muling itinayo ang tindahan ng kooperatiba ng isang balangay.

Nauna nang ipinakita ng mga magsasaka ng PKM sa Eastern Visayas ang kanilang pagkakaisa noong Mayo nang salantain sila ng bagyong Ambo. Tatlumpu't anim na bahay ang sama-samang itinayo at inayos ng mga balangay ng PKM sa rehiyon.

Sa panahong ito, ilang grupong tulungan ng PKM sa Bicol ang naglunsad ng kolektibong pagtatanim ng pagkain para sa konsumo ng mga pamilya at karatig-baryo.

Nagdaos naman ng kumperensya ang PKM at Rebolusyonaryong Organisasyong Ayta sa Zambales Mountain Range noon ding Setyembre. Pinagbuklod ng kumperensya ang masang minorya at magsasaka para biguin ang proyektong National Greening Program ng Department of Environment and Natural Resources at para ipagpatuloy na bungkalin ang kanilang lupa.

# Huwad ang pagpapalaya sa Marawi

Walang dahilan para ipagdiwang ang ikatlong taon ng sinasabing pagpapalaya sa Marawi. Ito ang pahayag ng mga Moro sa ginawang paggunita ng rehimeng Duterte sa okasyon noong Oktubre 17. Nagdurusa pa rin ang mga napalikas na Moro na hanggang ngayon ay hindi pa nakababalik sa syudad.



"Hindi namin ramdam na malaya na kami dahil hanggang ngayon ay hindi pa rin kami pinahihintulutang makabalik sa aming mga bahay at komunidad," ayon kay Drieza Lininding, tagapangulo ng Moro Consensus Group. Ayon sa pinakahuling ulat ng United Nations High Commissioner for Refugees, tinatayang 126,775 residente pa rin ang nananatiling nakatigil sa mga sentro ng ebakwasyon at nangangailangan ng proteksyon at suporta sa gitna ng pandemya.

Pangunahing problemang kinahaharap ng mga bakwit ang kawalan ng suplay ng tubig na batayang pangangailangan sa pagmamantine ng kalinisan. Wala ring mga klinika at mapagkukunan ng libre o abot-kayang gamot sa mga sentrong ito. Halos lahat sa kanila ay walang trabaho at nakaasa lamang sa limitadong ayuda mula sa mga institusyong mapagkawanggawa. Libu-libong Maranao pa rin ang kasalukuyang nakikitira sa kanilang mga kaanak sa mga karatig-prubinsya at maging sa iba't ibang panig ng bansa.

Malaking katanungan para sa mga residente kung saan na napunta ang halos ₱70 bilyong inilaan ng rehimen para sa rekonstruksyon ng Marawi at mahigit ₱40-bilyong pautang at ayudang natanggap nito mula sa iba't ibang mga bansa mula 2017. Ibayong nalantad ang kapabayaan ng rehimen at pagsasantabi nito sa panawagan ng mga bakwit na makabalik sa kanilang mga komunidad sa ulat na inilabas ng Bangsamoro Transition Authority noong Agosto 26. Nakalahad dito na hindi pa rin umuusad ang planong relokasyon ng rehimen. Hindi pa rin itinatayo ang mga bahay ng residente at wala pa rin silang natanggap na anumang kumpensasyon para sa nawasak nilang mga ariarian. Nananatiling putol ang linya ng kuryente at patubig sa 24 barangay ng syudad na kinubkob at walang patumanggang binomba ng militar. Wala pang naitatayo na mga paaralan sa lugar, at wala ring komprehensibong programang pangkabuhayan para sa mga bakwit.

Inuna ng rehimen ang paglalatag ng sistema ng kalsada sa syudad imbes na tugunan ang mga problemang nabanggit. Kabilang sa mga ipinagmamalaki nito ang pagtatayo sa tinaguriang Marawi Transcentral Road, isang proyekto sa ilalim ng engrandeng programang Build, Build, Build ni Duterte. Pinondohan ito gamit ang ₱970-milyong utang mula sa Japan International Cooperation Agency. Maliban dito, iniraratsada rin ng rehimen ang pagtatayo ng ₱400-milyong bagong kampo-militar sa Barangay Kapantaran na dating kinatitirikan ng bulwagang panlunsod ng Marawi. Ang pagbubuhos ng pondo para sa mga proyektong ito ay napakalaking insulto sa mga Maranao na patuloy na pinagkakaitan ng kanilang karapatan sa paninirahan at disenteng buhay.

"Ang Marawi ay binubuo ng mga residente, hindi ng mga *building*," pagbibigay-diin ni Lininding. Aniya, mababalewala lamang ang lahat ng ginagawa ng rehimen kung hindi nito bibigyang pansin ang kagyat na panawagan ng mga Maranao na makabalik sa kanilang mga komunidad. AB

### Panibagong yugto ng pang-aapi sa mga Moro

NAHAHARAP SA PANIBAGONG yugto ng pambansang pang-aapi ang mamamayang Moro sa ilalim ng bagong pasang Anti-Terrorism Law ng rehimeng Duterte. Isang araw lamang matapos na ilabas ng Department of Justice ang *implementing rules and regulations* ng naturang batas, inakusahan ng hepe ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na si Gen. Gilbert Gapay ang mga madrasa (paaralang Islamiko) na ginagamit para magrekrut ng mga terorista.

Dati nang pinangangambahan ng mga aktibistang Moro ang epekto ng ATL sa kanilang mga komunidad. Noong Agosto 7, isinampa nila, kasama ng iba pang pambansang minorya, ang ika-16 petisyon laban sa ATL. Ayon kay Amirah Lidasan ng Moro-Christian People's Alliance, tiyak na gagamitin ito laban sa mga Moro na dati nang itinuturing ng reaksyunaryong estado na mga terorista. Tinukoy niya ang kaso ng mga Morong pinaratangan noong dekada 2000 na nagsagawa umano ng mga pambobomba at iba pang "teroristang" gawi dahil lamang katunog o kahawig ang kanilang mga pangalan sa kilalang mga myembro ng Abu Sayyaf. Hindi pa dinidinig ang kanilang mga kaso at marami sa kanila ay halos dalawang dekada nang nakakulong.

# SA MADALING SALITA


## ₱11 bilyon+

Inisyal na taya ng **pinsala** ng **superbagyong Rolly** na tumama sa **Bicol** noong Nobyembre 1.

## ₱3 bilyon

dito ay **pinsala sa agrikultura.**


## #NotoRedTagging #YesToRedLipStick



Kampanya sa social media na sinimulan ng artistang si **Angel Locsin** matapos siyang i-***red-tag* ng militar.** Ni-*red-tag* din ang artistang sina **Liza Soberano** at *beauty queen* na si **Catriona Gray**.

Pinahihintulutan na ang

## 100% na dayuhang pagmamay-ari



ng mga **plantang geothermal** gamit ang **Renewable Energy Act of 2008** at **Public Services Act**.

## ₱300 M

**pinsala na idinulot ng mga fall armyworm**

*(Spodoptera frugiperd)* sa mga maisan sa 13 rehiyon. Apektado nito ang **1.8 milyong magsasaka** ng mais.

## 2.5%


itinaas ng tantos ng implasyon

(bilis ng pagtaas ng mga presyo ng mga bilihin). Pinakamabilis ang pagtaas ng presyo ng pagkain, pangunahin ng karne (4.7%) at isda (3.7%).

## 99,000

bilang ng naitalang nahawa ng Covid-19 sa US

sa araw ng eleksyon sa pagkapresidente ng bansa. Pinakamataas ito na arawang bilang ng mga nahawa sa buong mundo sa panahon ng pandemya.




## 79.8%

na lamang ng pangangailangan na bigas ang **kayang iprodyus** ng mga **Pilipinong magsasaka**,

**mula** sa abereyds na **91%** sa **nakaraang 30 taon**. Epekto ito ng **Rice Importation Liberalization Law** na pumapatay sa lokal na sektor ng palay.

## ₱4.4 BILYON

**pa lamang ang inilalabas sa**

## ₱140 BILYON

**pondo** na ibinigay kay **Duterte** para kagyat na makatulong sa **apektado ng pandemya.**

# Rebolusyonaryong pagharap sa kapansanan sa pag-iisip

Noong Oktubre, iniulat ng National Center for Mental Health ang 119% pagtaas ng bilang ng mga tawag sa "national suicide hotline" ng ahensya. Ang "hotline" ay numero na pwedeng tawagan at hingan ng tulong ng mga indibidwal na nakapag-iisip na magpatiwakal. Ang pagdami ng tumatawag dito ay tanda ng labis na hinagpis dulot ng mga paghihigpit, pagkawala ng trabaho at kita at matagalang pagkakakulong sa bahay.

Pinatingkad nito ang usapin ng dumaraming kaso ng mga may problema sa pag-iisip o ang tinatawag na *mental health problem* (MHP) bunga ng pagsadsad ng krisis sa ekonomya at kabuhayan dahil sa palpak na tugon ng gubyerno sa pandemya.

Sa hanay ng rebolusyonaryong kilusan, hindi iilan ang mga indibidwal na sumasapi sa iba't ibang mga organisasyong masa ang dumaranas ng MHP. Sa loob ng mga rebolusyonaryong organisasyon, marami sa kanila ay natutulungang panghawakan at pangibabawan ang kanilang MHP. Isa rito si Sam, isang dating aktibistang estudyante na piniling buong-panahong magsilbi sa kanayunan bilang organisador ng mga magsasaka.

Hayskul pa lamang, kinakitaan na siya ng mga problema sa pag-iisip. Lumitaw ito sa mga pagkakataong sinasaktan niya ang kanyang sarili, sa pamamagitan ng paglalaslas ng kanyang braso. Sa tantya niya, ibinunsod ito ng paghihiwalay ng kanyang mga magulang na labis niyang dinamdam. Natukoy ng duktor na mayroon siyang *bipolar disorder,* isang kundisyong pumapaling sa labis na kasiglahan at labis na pagkalugmok o depresyon noong nasa kolehiyo na siya. Ito ay matapos napilitan siyang tumigil sa pag-aaral at magtrabaho para makapag-ipon ng pangtustos sa kanyang kurso. Dito siya unang nagtangkang magpakamatay.

Ayon kay Sam, mas naintindihan niya ang kanyang pinagdaanan nang mabago ang kanyang pilosopiya at pananaw sa daigdig. Malaki ang naitulong sa kanya ng pag-aaral sa Marxista-Leninistang paraan ng pag-iisip at makamasang panindigan.

"Bago ako naorganisa, wala namang Marxismo na nagbibigay-linaw sa mga bagay-bagay sa akin. Wala akong gabay kung paano suriin ang mga problema, iyong mga pangunahin at sekundarya, internal at eksternal, kaya naman pakiramdam ko, isa lang akong pasibong pyesa ng kontradiksyon na walang ibang alam kundi ang kaawaan ang sarili at kamuhian ang mundo."



Sa proseso ng kanyang pagkamulat, nahasa ni Sam ang kakayahang kilalanin ang iba't ibang kontradiksyon at maging bahagi sa pagresolba ng mga ito. Sinanay niya ang kanyang sarili na maging obhetibo sa mga tunggalian, mula sa simpleng hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng magkakasama sa kolektiba, hanggang sa mga antagonistikong tunggalian ng uri sa pagitan ng mga magsasaka at panginoong maylupa sa paglulunsad ng kilusang masa. Nakatulong nang malaki sa kanyang pagkilatis sa mga kontradiksyon sa sarili.

"Mahalagang maunawaan kung ano ang mga *trigger* at epekto nito sa disposisyon at kilos ng isang may ganitong kapansanan," ayon pa kay Sam. Ang *trigger* ay anumang eksternal na bagay na maaaring magdulot ng negatibong emosyon, damdamin o pagkabahala. Ang pagkilala ng mga *trigger* ng isang indibidwal ang unang hakbang sa pangangasiwa nito at susi sa paglalatag ng pamamaraan kung paano ito haharapin.

*"Rebolusyonaryong...," sundan sa pahina 10*

### Pagpapabaya ng reaksyunaryong estado sa mga may kapansanan sa pag-iisip

HINDI LAMANG IILAN ang may kapansanan sa pag-iisip sa Pilipinas. Ayon sa isang sarbey ng reaksyunaryong estado noong 2010, isa sa bawat limang Pilipino ang nakararanas nito. Inilahad dito na pangatlo sa pinakakomun na kapansanan ang mga problema sa pag-iisip.

Sa isa pang sarbey na isinagawa noong 2016, *schizophrenia* ang nangungunang sakit sa pag-iisip ng mga Pilipino. Umaabot sa 42% ng mga may MHP ang na-*diagnose* nito, mayorya mga lalaki. Sa pinakabatayan, hindi napag-iiba ng mga may *schizophrenia* kung ano ang totoo at ano ang hindi.

Sa harap nito, kulang na kulang ang rekurso ng estado para pangalagaan ang mga may kapansanan sa pag-iisip. Mayroon lamang 700 lisensyadong *psychiatrist* at 1,000 *psychiatric nurse* sa buong bansa. Mayorya ng mga pasilidad para sa pangangalaga ng may mga kapansanan ay nasa Metro Manila at kalakhan ng mga rehiyon ay walang sapat kundi man walang-wala. Nasa 5% lamang sa kakarampot nang badyet para sa kalusugan ang nakalaan para sa *mental health.* Ang mga may kakayahang magpatingin sa duktor ay nahihirapang bumili ng sobrang mahal na mga gamot.

## Trump, nagkaambang matalo sa eleksyong US

MATAPOS ANG APAT na araw ng bilangan, wala pa ring naidedeklarang panalo sa ika-46 na eleksyon sa pagkapresidente sa US noong Nobyembre 3. Bumubuntot si Donald Trump, kasalukuyang pangulo at kandidato ng Republican Party, kay Joseph Biden ng Democratic Party. May 214 botong elektoral si Trump kumpara sa 264 ni Biden. Kailangan maabot ni Biden ang 270 boto para maideklara siyang panalo.

Madaling araw ng Nobyembre 4, walang batayang idineklara ni Trump ang kanyang pagpanalo. Pinaggiitan niyang dinaya siya o dinadaya siya sa ilan sa mga estadong itinuturing na balwarte ng kanyang partido. Nanawagan siyang itigil ang pagbibilang sa ilang lugar habang siya'y nakalalamang, habang iginiit na ituloy ang bilangan sa lugar na siya'y humahabol. Nagbanta siyang magsasampa ng mga kaso.

Ang nakaambang pagkatalo ni Trump ay repleksyon ng disgusto ng maraming sektor sa US sa sa kanyang palpak na tugon sa pagsugpo sa pandemyang Covid-19, at sa kanyang mga kasinungalingan, at maka-kapitalista, rasista at kontra-kababaihang mga patakaran at pahayag.

Ang eleksyon sa US ay idinaos sa gitna ng malalang kalagayan ng pandemya (pinakamaraming kaso sa buong mundo), malawakang mga protesta laban sa brutalidad ng pulis at karahasan at pang-aapi laban sa mga Itim, at malawakang disempleyo at krisis sa ekonomya at kabuhayan. Ang mga isyung ito ang tiyak na haharapin ng uupong presidente sa Enero 2021.

## Partidong anti-US, nanalo sa Bolivia

PANALO SA ELEKSYONG ginanap noong Oktubre 18 sa Bolivia si Luis Arce, kapartido at dating ministro sa ekonomya ng dating presidente ng bansa na si Evo Morales. Tinalo niya si Carlos Mesa, ang kandidatong suportado ng US. Naging mapayapa ang eleksyon, taliwas sa pananakot ng US na magiging marahas ito.

Napwersang magbitiw sa pwesto si Morales noong nakaraang taon sa gitna ng mararahas na demonstrasyon ng mga grupong sinulsulan ng US. Ipinalaganap noon ng US na nandaya siya sa eleksyon, isang bagay na pinabulaanan ng mga independyenteng imbestigador. Nakikita ng mga tagasuporta ni Morales ang pagkapanalo ni Arce bilang paggapi sa mga pakana ng US at mga papet nito sa bansa na kontrolin ang Bolivia. Anila, pagtatanggol din ito sa maka-mamamayang mga patakaran ni Morales na nagbunga sa halos 14 taong istabilidad sa bansa.

*"Rebolusyonaryong...," mula sa pahina 9*

Minsan na ring natanong kay Sam kung nakati-*trigger* ba sa kanya ang mga gipit na kalagayan ng mga katulad niyang nakalubog sa kanayunan. "Syempre naman," aniya,"pero itinuturing ko itong walang pagkakaiba sa pakikipagsapalarang-buhay sa bulok na sistema. Ang pagkakaiba lang, dito, alam kong may nararating ang mga sakripisyo, nag-aani tayo ng mga tagumpay, at ang pag-asa ay hindi lang isang salitang pampalubag-loob para sa mga *depressed* kundi aktwal na bagay na may nakikita sa araw-araw na pakikisalamuha sa masa."

"Ang kadalasang kakambal ng *trigger* na dapat bakahin ay ang suhetibong pag-iisip. Mga pakiramdam na walang sapat na batayan at hindi tiyak kung totoo," ani Sam. "Sa aking karanasan, kung pababayaan ang suhetibismo, lalaki ito at magpapatung-patong at kalauna'y masasalin sa kilos na mapanira sa sarili at sa mga tao na nasa paligid ko."

Mahalaga sa pamamahala ng ganitong kapansanan, ayon kay Sam, ang kolektibong pamumuhay at pagpupuna at pagpupuna sa sarili (PPS). Sa pamamagitan ng regular na mga talakayan sa personal na kalagayan ng mga kasama, tulad ng laganap na isinasapraktikang "3 tsekap," natutulungan ang isang may kapansanan sa pag-iisip na makita ang obhetibong kalagayan, at matutunggali nito ang mga suhetibong pag-iisip. Kabaligtaran ng prosesong ito ang karaniwang buhay sa lunsod na indibidwalistiko at walang pakialamanan, kung saan ang mayayaman lamang ang may akses sa maagap na atensyong medikal at *therapy.*

"Pero walang silbi ang mga PPS o konsultasyon kung liberal ka," bawi ni Sam. "Pinakasusi na sanayin ang sarili na maging matapat, gaano man kalaki ang iyong takot na mali ang iyong iniisip o kung ano ang magiging reaksyon sa mga kasama. Ang mahalaga'y ang proseso ng pagpapahayag, dahil sa pamamagitan nito, tinutulungan mo na rin ang mga kasama sa paligid mo na maunawaan ang iyong kalagayan at mga *trigger* mo."

Importante rin na tuluy-tuloy pang pag-aralan ng mga rebolusyonaryo ang pagmaneyds sa kapansanan. Mayroong manwal na inilathala ang Kagawaran sa Kalusugan ng Partido Komunista ng Pilipinas na nagpapakilala ng iba't ibang klase ng problema sa pag-iisip, nagtutukoy ng mga pinagmumulan nito at naglalatag ng iba't ibang paraan para tulungan ang mga kasama at imaneyds ang kapansanan. Sa loob ng Bagong Hukbong Bayan, kasama sa pagsasanay ng mga medik ang pangangasiwa sa MHP, pareho sa hanay ng mga mandirigma at sa masa.

Mahalaga rin ang pagtataguyod ng pagbaka sa *stigma* laban dito, ang mga kaakibat nitong mga antisiyentipikong kaisipan at ang angkop na pag-aruga sa mga may kapansanan.

"Parang anino ang MHP, saan ka pumunta ay naroon din siya. Ang pangangasiwa rito ay walang pinagkaiba sa pagsisikap na pagpapanibagong-hubog na laging nariyan, at araw-araw na tinutunggali natin sa ating sarili." AB